Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 21-08-246

**KAPASYAHANG PAGKILALA SA SAMAHAN NG MGA MANGGAGAWA SA BALATASAN (SAMASABALATASAN) PARA SA KANILANG NATANGGAP NA PARANGAL BILANG 2021 PRODUCTIVITY OLYMPICS REGIONAL WINNER NG DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT, REGIONAL TRIPARTITE WAGES AND PRODUCTIVITY BOARD NG REHIYON NG MIMAROPA**

**"SAPAGKAT,** ang Samahan ng mga Manggagawa sa Balatasan (SAMASABALATASAN) ay isang grupo ng lokal na mamamayan ng Barangay Balatasan, Bulalacao, Oriental Mindoro na unang nabuo at nagparehistro sa DOLE noong taong 2005 at nagsimula na may 18 miyembro lamang, noong taong 2008 sila ay nagsimula ng seaweed farming sa ilalim ng convergence project ng Department of Agrarian Reform, Department of Agriculture-FTC at Bureau of Fisheries and Aquatic Resources MIMAROPA, iba't-ibang klaseng ng seaweeds and pinalalago ng mga miyembro nito na ginagamit naman sa paggawa ng noodles, pickles, crackers at maging mga herbal soaps;

**"SAPAGKAT,** noong July 27, 2021 isa ang SAMASABALATASAN sa pitong naparangalan ng DOLE-Regional Tripartite Wages and Productivity Board-MIMAROPA bilang 2021 Productivity Olympics Regional Winner na ginanap sa Filipiniana Hotel, Calapan City, alinsunod nito ay ang pagrepresenta ng grupo sa Rehiyon ng MIMAROPA sa gaganaping National Screening ng DOLE Productivity Olympics;

**"SAPAGKAT,** ang Productivity Olympics ay tinatag upang palawigin ang paggawa at paigtingin ang masagana at positibong kompetisyon ng mga grupo, kooperatiba, asosasyon at negosyo, ngayong taon dahil sa pandemyang nararanasan ng ating bansa ang nasabing Olympics ay naglalayong kilalanin at parangalan ang mga grupong nagpamalas ng tibay at katatagan na malagpasan ang mga pagsubok upang makamit ang kanilang target, pagsustena ng paglago, at tumulong sa muling pagbabalik ng sigla ng ekonomiya, gayundin ang pagpapanatili ng trabaho para sa kanilang mga trabahador na tumutugon sa mithiin ng kanilang organisasyon;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay kinikilala at binibigyang-pugay ang tagumpay na nakamit ng SAMASABALATASAN na nagbigay parangal at inspirasyon sa mamamayan ng Bayan ng Bulalacao; Kung kaya't dahil dito…

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin sa Samahan ng mga Manggagawa sa Balatasan (SAMASABALATASAN) para sa kanilang natanggap na parangal bilang 2021 Productivity Olympics Regional Winner ng Department of Labor and Employment, Regional Tripartite Wages and Productivity Board ng Rehiyon ng MIMAROPA,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Kieven E. Cantos na pinangalawahan nina SB Member Dexter R. Gonzales at SB Member Elpidio N. Contreras, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":** Agosto 16, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 08, 2021

250821/BMS/admm

Scanned with CamScanner